

# Prologue

*H*appiness is a choice. It all depends on how we look at things.

Proverbial expressions iyon na pinaniniwalaan at isinasabuhay ni Patricia Alampay, o Tricia Shawl sa mga ka-close niya. Natutunan niya iyon sa kanyang mga magulang.

Hindi siya ipinanganak na may gintong kutsara sa bibig at hindi rin sila nabibilang sa pamilyang nasa mataas na estado ng lipunan. In short, mahirap lang sila. Ang kinikita ng mga magulang niya mula sa puwesto ng isdaan sa palengke ay bahagya lang makasapat sa pangangailangan ng kanilang super extended family—sa kanila nakatira ang lolo at lola at

ilang pininsan niya.

Madalas pa nga ay kulang kaya deprived sila sa maraming materyal na bagay. Kaya naman sinanay na lang nilang tingnan ang buhay sa mas positibong perspective para iwas stress.

Aba, hampas-lupa na nga, magmumukha pang chaka dahil sa stress? No way!

Sa kabila nito, masasabing sa pangkalahatan ay masaya pa rin silang namumuhay—dahil pinili nilang maging masaya. It's their choice.

“Huwag mong pakadibdin na bumagsak ka, Anak. Malakas makabaliw ’yan,” narinig ni Tricia na payo kay Jeni ng kanyang inang si Crising. “Malay mo may mas magandang plano sa iyo si Lord, di ba?”

Sa isang bahagi ng sala ng kanilang bahay ay kasalukuyang inaalo ng nanay at tatay nila si Jeni na nagdadrama dahil hindi na naman nakapasa sa audition ng isang talent search, for the n<sup>th</sup> time. Namimintana ito kahit walang ibang natatanaw roon kundi ang nilulumot na pader ng kapitbahay. Emoterang feeling nasa mansion window ang peg.

Si Tricia naman at ang younger brother na si Di ay nasa harapan ng flat screen TV na hindi pa tapos hulugan sa Bombay; telenovela marathon trip na lang sila dahil walang pang-food trip at panggala. Ang

bunsong si Binoy at ang iba pang family members ay abala sa nagaganap na chess tournament at pagpapahambugan ng tattoo.

“Oo nga naman, Jeni,” segunda ng ama nilang si Dominador. “Kalma lang, Anak. Nandoon na tayo sa gusto mong makatulong sa pamilya, pero huwag mong apurahin ang kapalaran. Mangyayari din ’yon sa tamang oras... Tingnan mo ang Ate Tricia mo, masyadong apuradang magkatrabaho. Ayun, nakidnap tuloy. Mainam at nakalaya pa da—”

“Oy, teka nga pala.” Si Crising ulit na ipinitik pa ang mga daliri na animo isang brilliant idea ang naisip. “Dapat, Jeni, ikaw na lang ang nakidnap, ano! Sikat ka na sana ngayon...”

*Argh!* Nailing na umikot ang mga mata ni Tricia nang marinig ang pahayag ng kanyang ina. Kung mayroon mang perpektong halimbawa ng mga optimistic na tao, walang dudang ang mga kapamilya niya iyon.

Nakidnap siya kamakailan pero sa perspektibo ng mga ito ay blessing pa iyon na maituturing. Paano kasi ay in-enjoy ng mga ito ang pansamantalang prestige na dulot ng pag-feature ng mga local journalists sa istorya niya.

*Pinay Na Dinukot Ng Mga Tuareg Rebels Sa*

*Bansang Mali, Pinalaya Na!* Iyon ang headline na bumandera sa mga pahayagan at paksang pinag-usapan sa radyo at telebisyon dalawang buwan pa lang ang nakakalipas.

At ayaw muna iyong maalala ni Tricia sa ngayon dahil kasalukuyan pa siyang gulilat sa aftershock consequence ng pangyayari—she’s pregnant! No, hindi siya ginahasa ng mga Tuareg abductors. Nagkaroon siya ng instantaneous affair sa isang kapwa bihag.

“Tingk pasitib, Anak, ’wag kang aayaw,” payo ni Mang Dominador sa anak na hiniram ang linya ni Robin Padilla sa isang patalastas. “Ulit, kalma lang.”

*Kapag nalaman kaya nilang buntis ako, kalma lang rin sila? Paano kaya nila ito tatanggapin?* Tricia thought puzzlingly.

“Sis, alin ang ipe-play ko sa dalawang ito?” untag ni Di sa pananahimik niya. Pirated DVD copy ng dalawang sikat na Korean novela ang inilahad nito sa harap niya at ang artistang sina Kim Jung-eun at Kim Min-joon ang nakita niyang nasa cover. Dahil wala naman siya sa tamang mood—at tamang huwisyo—para manood ay basta na lang siya nagturo ng kung alin.

“Same choice tayo...” nasisiyahang pahayag ng may kalandiang baklita. “May pang-*Miss U* question

ako sa 'yo, Ate Tricia: If you would give a title to your love story, what would it be and why? Pak!”

“Lovers in Timbuktu,” aniyang nakatingin sa disc cover ng telenovela na ang setting ay sa romantic city ng Paris at Prague.

“Weh? Walang originality. May naganap na romance sa disyerto?” pauyam na banat nito saka pakantang nang-asar. “Ang akala kong pamagat, eh, *sa panaginip lang kita mahahagkan tuwina. Doon lang...*”

Hindi na pinatulan ni Tricia ang biro dahil wala rin siya sa mood makipag-asaran. Isa pa ay may punto naman ang kapatid niya. Sa gulang na twenty-six ay minsan lang siya nagkaroon ng totoong boyfriend, nasaktan pa siya nang husto. Mula noon ay sa panaginip na lang siya nagmahal—with her fictional boyfriends and lovers and suitors.

“Huy, Sis! Nakakatakot ka na, ha! Akala ko ba hindi ka nagka-trauma sa kidnapping? Bakit parang hindi ka na normal nowadays? Lagi kang *tulaley*.”

Sinulyapan lang ni Tricia ang kanyang kapatid at saka madramang bumuntung-hininga. “Huwag ninyo akong intindihin, may slight problem lang ako.”

“May bagong babae ang jowa mong si Zac *Eyron*? Kinukulit ka na naman ni Lee Min *Horse* na makipag-date o nalaman na ni Angelina ang affair

ninyo ni Brad?”

Kasiyahan na niyang kunsumihin ang sarili sa mga imaginary problems na iyon.

“Slight lang ang problema ko, pero for real...” she paused dramatically. Yeah, *slight* lang dahil ayaw niya itong ikonsiderang major problem; babies are blessings, generally speaking. “Di, buntis ako,” sobrang seryosong pahayag niya.

Sa pagkadismaya ni Tricia ay bumunghalit ng tawa ang kanyang kapatid na animo narinig ang pinakakuwelang joke sa earth so far.

“*Nakaka-lorki* ka na talaga, Sis,” anitong nakatikwas ang isang kilay. “Baka nakakalimutan mong role-playing lang ang preggy matter na ’yan para palayain ka ng mga kidnappers? Iwanan mo muna ang pantasya at mabuhay ka sa realidad.”

“Sa totoo ngang nabuntis ako, ano’ng magagawa ko?” nawalan ng pasensyang sikmat niya.

“Eh, di wow! Congrats... Hey, folks, buntis daw si Ate Tricia!” anunsyong nito na walang pumansin ni isa.

Nagpatuloy sa group counseling ang tatlo habang dedma lang ang iba pang miyembro ng pamilya. Inulit ni Di ang sinabi sa mas malakas na tinig. Sa wakas ay napukaw ang atensyon ng kanilang ina.

“Hoy, Dominador Junior! Huwag mo ngang

ibinibiro ang bagay na iyan. Alam mong mapaniwalain ang lola ninyo,” saway nito.

Nabuksan na lang din ang paksa, nagpasya si Tricia na itutuloy-tuloy na niya ang pangungumpisal. Sayang ang chance.

“Nay, totoo pong buntis ako,” lakas-loob na deklara niya, sabay dalangin na sana ay *kalma* lang matanggap ng mga kapamilya ang katotohanang ayaw pa rin yatang mag-sink in sa sistema niya.

“Naku naman, Patricia! Sumabay ka pa sa pagsisintir nitong kapatid mo. Tsk!” Umiiling na lumapit ang ina sa anak.

Sinabi ng doktor na tumingin sa kanya noon, physically at mentally healthy raw siya... bakit mukhang hindi? Palagay ng ginang ay na-trauma talaga ang dalaga sa mga nognog na kidnaper. Kawawa naman.

“O siya, ano’ng pangalan ng nakabuntis sa iyo? Hep—” Bago pa man may mabigkas si Tricia ay sinansala na siya nito. “Yung totoong pangalan. Hindi palayaw, hindi screen name.”

“Nebuchadnezzar po.”

“Nabukodonosor? Ang pangit naman. Kapangalan pa ng hari ng Babilonya. Prinsipe siya ng anong bansa kung gayon?” tanong ni Crising sa pag-aakalang

naglilikot lang ang imahinasyon ng anak.

“Nay, seryoso. Buntis po talaga ako,” parang maiiyak na sabi ni Tricia. “Eto ang prueba.” Iniabot niya ang pregnancy test kit na ginamit kaninang umaga lang.

“Inangkupo...” Tinakasan ng kulay ang masayahing mukha ng ginang nang makita ang dalawang pulang guhit sa kit. “Doming, parine ka nga saglit.”

Nag-aalala namang lumapit ang padre de pamilya. “Ano’ng nangyari sa ’yo, Crising? Para kang may nakitang aparisyon ng multo diyan.”

“Aparisyon ng apo ’ika mo...” Nakatitig pa rin ito sa kit. “Doming, buntis si Patricia.”

“Ha?” Natulala naman ang kanyang ama na parang natuklaw ng walang ngipin na ahas, kaya hindi malaman kung matatakot o makikiliti sa gilagid nito. Ayaw nitong maging disgrasyada ang anak, pero natutuwa naman ang ginoo sa isiping magiging lolo na.

It was a moment to behold. Bibihirang pagkakataon lang makita ni Tricia na parang pinagtampuhan ng pag-asa ang mga magulang na disipulo ng optimism.

Lumapit si Jeni sa kanya para kumpirmahin



ang narinig. Nang tumango siya rito ay may tatlong segundo lang na namilog ang mata nito bago napangiti, pagkatapos ay naaliw na pinagmasdan ang na-shock na parents.

“Tay, ’Nay, chill...” nakangising saad ni Jeni at ibinalik nito sa mga magulang ang words of wisdom na ipinapangaral dito kanina lang. “Huwag masyadong serysohin ang problema. Nakakabaliw ’yan...”

“Tsaka, tingk pasitib. Malay n’yo may mas magandang plano si Lord, di ba?” dagdag ni Di. “O, kilos-kilos baka ma-stroke.”

Sa wakas ay nakahuma ang mag-asawa. Parang mga zombies na na-unfreeze.

“Paano nabuo ’yan? Simulan mo nga sa umpisa ang istorya, bata ka,” sabi ni Crising. “Nanggugulat ka, eh.”

“Doon po sa kung paano may nangyari sa amin ng tatay ng anak ko?”

“Ay, bastos! Ibig ko lang idetalye mo kung paano at saan kayo nagkakilala ni Nabukodonosor at anong plano mayroon kayo.”

*Plano? Ni hindi ko nga alam kung saang lupalop siya naroon ngayon... b-baka nasa honeymoon vacation.* “Eh, mahabang kuwento po ’yun, ’Nay. Uumpisahan ko sa kahirapan natin, sa paghahanap ng

trabaho... and all the way to Timbuktu.”

Walang kuwenta ang ‘*warning: terribly boring*’ na babala ni Tricia. Lalo lang naging curious ang mga kapamilya sa binanggit na lugar. Ang mga dedma lang kanina ay isa-isang nagsilapit sa gawi niya na para siyang si *Lola Basyang* na may interesanteng kuwentong nakahanda.

As ordered, she started from the beginning with clear details.

“Noong August 23, 2012, that was three months ago, inutusan ako ng amo ko na sumunod sa kanya sa bansang Mali sa Africa. Nandoon ang makasaysayan pero laos na bayan ng Timbuktu...”

“Tsk! Sinasabi ko na nga ba at *mali* na nagpunta ka noon sa Mali, Anak,” tugon ni Dominador. “Hindi ka naman siguro ginahasa ng mga maiitim na tao doon?” Umiling ang anak at nakahinga ito nang maluwa kahit paano. At least, hindi kulay inihaw na danggit ang magiging unang apo nito. “Teka, ano ba naman kasi ang masamang hangin na nakaihip sa amo mo at naisipang pumunta sa dulo ng daigdig pagkatapos kinaray ka pa?”

Ang totoo ay kay Tricia rin galing ang ideyang iyon...